

PAHAYAG TUNGKOL SA IMPORMASYON SA BAKUNA

Bakuna sa Hib

*(Haemophilus
Influenzae Type b)*

Maraming mga Pahayag tungkol sa Impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

Ano ang Kailangan Mong Malaman?

1 Bakit kailangang magpabakuna?

Ang sakit na *Haemophilus influenzae* type b (Hib) ay isang malubhang sakit na sanhi ng bakterya. Ang karaniwang nagkakaroon nito ay ang mga batang wala pang 5 taong gulang.

Ang inyong anak ay maaaring magkaroon ng sakit na Hib sa pamamagitan ng paglapit sa mga bata o matanda na maaaring may bakterya at hindi alam ito. Ang mikrobyo ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa ibang tao. Kapag ang mga mikrobyo ay nanatili sa ilong at lalamunan ng bata, ang bata ay malamang na hindi magkakasakit. Ngunit kung minsan ang mga mikrobyo ay pumupunta sa baga o sa daanan ng dugo, at kapag nagkaganoon ang Hib ay maaaring maging sanhi ng malulubhang problema.

Bago nagkaroon ng bakuna sa Hib, ang sakit sa Hib ay ang pangunahing sanhi ng bakteryang meningitis sa mga batang wala pang 5 taong gulang sa Estados Unidos. Ang meningitis ay isang impeksyon sa panig ng utak at utak ng gulugod. Ito ay maaaring humantong sa pinsala sa utak at pagkabingi. Ang sait na Hib ay maaari rin na maging sanhi ng:

- pulmonya
- labis na pamamaga ng lalamunan, pinahihirap ang paghinga
- mga impeksyon sa dugo, mga kasukasuan, mga buto, at balat ng puso
- pagkamatay

Bago nagkaroon ng bakuna sa Hib, mga 20,000 bata sa Estados Unidos na wala pang 5 taong gulang ang nagkaroon ng malubhang sakit sa Hib taun-taon, at halos 3% – 6% sa kanila ang namatay.

Ang bakuna sa Hib vaccine ay maaaring makapigil sa sakit na Hib. Simula ng gamitin ang abakuna sa Hib, ang bilang ng mga kaso sa pagsalakay ng sakit na Hib ay bumaba sa mahigit na 99%. Marami pang mga bata ang magkakasakit ng Hib kung titigil tayo sa pagbakuna.

2 Bakuna sa Hib

Maraming iba't ibang mga tatak ng bakuna sa Hib ang magagamit. Ang iyong anak ay tatanggap ng alinman sa 3 o 4 na dosis, depende sa kung aling bakuna ang gagamitin.

Ang mga dosis ng bakuna sa Hib ay karaniwang inirerekomenda sa mga edad na ito:

- Unang Dosis: 2 buwan ang edad
- Ikalawang Dosis: 4 buwan ang edad
- Ikatlong Dosis: 6 buwan ang edad (kung kinakailangan, depende sa tatak ng bakuna)
- Panghuling Dosis: 12–15 buwan ang edad

Ang bakuna sa Hib ay maaaring ligtas na ibigay sa parehong oras kasabay ng ibang mga bukana.

Ang bakuna sa Hibay maaaring ibigay bilang bahagi ng kombinasyon ng bakuna. Ang mga kombinasyon ng bakuna ay isinasagawa kung ang dalawa o higit pang uri ng bakuna ay pagsasamagin sa iisang turok, upang ang isang bakuna ay magprotekta laban sa higit pa sa isan sakit. Tanungin ang iyong doctor para sa higit pang impormasyon.

Ang mga taong higit 5 taon ay karaniwang hindi kailangan ang bakuna sa Hib. Ngunit maaari itong ibigay sa mas may edad na mga bata o matatanda bago ang pag-oopera upang tanggalin ang lapay o kasunod ng paglilipat ng utak sa buto. Maaari rin itong ibigay sa sinuman na may ilang mga kundisyon sa kalusugan tulad ng sakit na karit sa selula o HIV/AIDS. Tanungin ang iyong doctor para sa mga detalye.

3 May mga tao na hindi dapat bakunahan nito

Ang bakuna sa Hib ay hindi dapat ibigay sa mga sanggol na mas bata sa 6 na linggo ang edad.

Sabihin sa iyong doktor:

- **Kung ang pasyente ay may anumang malala (banta sa buhay) na mga alerdye.** Kung ang pasyente ay nagkaroon ng banta sa buhay na reaksyong alerdye pagkatapos ng dosis sa bakuna sa Hib, o may malalang alerdye sa anumang bahagi ng bakunang ito, hindi siya dapat tumanggap ng dosis.
- **Kung masama ng pakiramdam ng pasyente.** Maaaring imungkahi ng iyong doctor na hintayin hanggang ang pasyente ay gumaling. Ngunit pwede kang bumalik.

4**Mga panganib sa reaksyon ng bakuna**

Ang bakuna tulad ng ibang gamot, ay maaaring maging sanhi ng pangalawang mga epekto. Ang mga ito ay karaniwang katamtaman at nawawala nang kusa.

Ang malulubhang pangalawang epekto ay possible rin, ngunit napakabihira.

Karamihan sa mga taong binigyan ng bakuna sa Hib ay hindi nagkakaroon ng anumang problema rito.

Katamtamang mga problema kasunod ng bakuna sa Hib:

- Pamumula, panginiginit, o pamamaga sa lugar na binakuhanan
- lagnat

Ang mga problemang ito ay hindi karaniwan. Kung mangyari ito, karaniwan silang nagsisimula agad pagkatapos ng turok at tatagal ng 2 o 3 araw.

Mga problema na maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna:

- Ang maikling pagkawala ng malay ay maaaring mangyari pagkatapos ng anumang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga ng mga 15 minuto ay makatutulong na maiwasan ang pagkawala ng malay, at pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa iyong doktor kung mukhang nahihilo ang pasyente, o may pagbabago sa paningin o tumutunog ang mga tainga.
- Ang matinding sakit sa balikat at nabawasang saklaw ng paggalaw sa braso kung saan ang turok ay isinagawa ay maaaring mangyari nang napakabihira pagkatapos ng bakuna.
- Ang matinding reaksyon sa alerdye mula sa bakuna ay napakabihira, tinatayang mas mababa sa 1 sa milyong dosis. Kung ang isa ay maganap, ito ay karaniwang sa loob ng ilang minute hanggang sa ilang oras pagkatapos ng bakuna.

Ang kaligtasan sa mga bakuna ay laging binabantayan.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang:

www.cdc.gov/vaccinesafety/

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medical ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medical.

5**Paano kung may malubhang reaksyon****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Hanapin ang anumang bagay na inaalala mo, tulad ng mga tanda ng malalang reaksyon sa alerdye, napakataas na lagnat, o pagbabago ng ugali.

Kabilang sa mga tanda ng malubhang alerdyek na reaksyon ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay karaniwang nagsisimula ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkatapos ng bakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin mo na ito ay malubhang alerdyek na reaksyon o iba pang emerhensiya na hindi makapaghihintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. O di kaya'y tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksyon ay dapat iulat sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring ang iyong doktor ang mag-ulat nito, o maaari mong gawin ito mismo sa pamamagitan ng VAERS web site sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Ang VAERS ay para lamang sa pag-uulat ng mga reaksyon. Hindi sila nagbibigay ng payong medikal.

6**Pambansang Programa sa Pagbabayad Pinsala sa Bakuna**

Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad sa Pinsala sa Bakuna O National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga tao na napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniniwala na napinsala sila ng bakuna ay maaaring matuto ng tungkol sa programa at maghain ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

7**Paano ako matututo ng higit?**

- Tanungin ang iyong doktor. **1-888-767-4687**
- Tumawag sa iyong lokal o tanggapan sa kalusugan ng estado.
- Tumawag sa Sentro sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit (CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)**
 - Bisitahin ang website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement (Interim)

Hib Vaccine

Tagalog

2/04/2014

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health

Office Use Only

